# PISI SA PATULOY NA PAGPAPAGAL

*by:*
**Catherine C. Pontanoza**
*Pablo Roman Elementary School*

Isang kahadlangan sa mag-aaral ang kakapusan sa kanilang pinansyal na aspeto ng kanilang pamilya. Sa panahon ngayon na mahirap ang buhay, malaking tulong ang maging isang 4P's beneficiary. Ang 4P's o Pantawid Pamilyang Pilipino Program ay programa ng ating gobyerno nagbibigay ng pinansyan na tulong sa mga naghihikahos na pamilya, buntis, o may kapansanan. Layunin nito na putulin ang kahirapan sa pamamagitan ng pagtuon ng proyekto sa kalusugan at edukasyon, na dalawa sa mga importanteng bagay na maaring magtukoy ng abilidad ng isang tao na maka-ahon sa kahirapan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa pamamagitan nito makapagtutuon ng oras sa pag-aaral ang mga mag-aaral. Kaakibat ng pagiging beneficiary, ang mga pamilyang kasapi sa 4Ps ay kailangang sumunod sa mga kondisyon ng programa tulad ng pagdalo sa mga check-up, pagbakuna, pagdalo sa mga pagpupulong, at pagpapasok sa paaralan ng mga anak. Sa pagtutulungan ng gobyerno, mag-aaral, magulang, guro at pamunuan ng paaralan, tuloy-tuloy ang pag-aaral ng ating mga mag-aaral tungo sa maunlad na pamayanan.

*References:*